

Ang Programa ng Proteksyon sa Bubuyog ng County ng San Diego ay nagpapalawak sa mga oportunidad sa pag-aalaga sa pukyutan sa mga hindi kasapi na mga lugar sa County ng San Diego, itaguyod ang responsable pag-aalaga sa pukyutan, at siguraduhin ang kaligtasan ng publiko. Upang suportahan ang mga nag-aalaga ng pukyutan sa pagpapalaki nang malusog at maamong kolonya ng bubuyog. Sinusubay-bayan ng mga inspector ng kabahayan ng pukyutan para sa mga peste ng mga bubuyog at mga isyu ng mga sakit at pagsusuri sa pag-aalaga sa pukyutan sa pinakamabuting pagsasanay sa pamamahala at mga sityo ng mga kabahayan ng mga pukyutan.

## **REHISTRASYON NG KABAHAYAN NG PUKYUTAN AT TAUNANG PAGPAPABAGO**

Bawat taon, ang mga nag-aalaga ng pukyutan sa California ay kinakailangan na iulat ang numero at lokasyon ng mga kolonya ng mga bubuyog sa Komisyoner ng Agrikultura o Agricultural Commissioner sa county kung saan ang lokasyon sa unang araw ng Enero at/o sa loob ng 30 na araw ng pagkuha ng mga bubuyog. Ang rehistrasyon ay isang batas ng estado ng California at ordinansa ng County ng San Diego.

Ang nakumpletong mga [forms ng Rehistrasyon ng Pag-alaga sa Pukyutan o Apiary Registration forms](#) ay maaaring ibalik sa koreo, kasama ang multa ng rehistrasyon na \$10.00 (kinakailangan lamang ang multa kung ikaw ay may sampu o higit pa na mag pukyutan), sa Departamento ng Agrikultura , Bigat at Sukat o Department of Agriculture, Weights & Measures ng County ng San Diego. Kung ang mga kolonya ng mga bubuyog ay matatagpuan sa mga hindi kasapi na mga lugar ng San Diego County, pakisumite ang tseklist ng Pagsasanay ng Pinakamabuting Pamamahala o Best Management Practice checklist **Tier A** (1-2 na mga kolonya), **Tier B** (3-20 na mga kolonya), o **Tier C** (21 o higit pa na mga kolonya), na karagdagan sa iyong form ng rehistrasyon. Kung ikaw ay baguhang rehistrante at ang iyong mga kolonya ay matatagpuan sa mga hindi kasaping mga lugar ng San Diego County, pakikumpleto din ang [online na kurso ng pag-aalaga ng pukyutan](#).